**UNIT TITLE: BEHAVIOR IN THE CHURCH**

**LESSON#4: SAMUEL IN THE PRESENCE OF GOD**

SCRIPTURES:

MEMORY VERSE: MATTHEW 18:20

“Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.”

**INTRODUCTION:**

Sinong napagalitan na? (Hayaan ang mga bata na tumugon o magtaas ng kamay)

Bakit nga ba tayo napapagalitan? (Hayaan ang mga bata na sumagot) Napansin niyo ba na sa maraming pagkakataon na sa tuwing tayo ay pinapagalitan, ito ay para sa ating ikabubuti. Kung hindi tayo makikinig, may masamang idudulot iyon sa’tin sa hinaharap.

Kanino ba natutuwa si nanay o si tatay? ‘Diba sa mga anak na marunong makinig at sumunod? Kapag hindi tayo nakikinig, kahit pa mahalaga na ang sinasabi sa atin o mahalagang tao o persona na ang kumakausap sa’tin, ito ay mababalewala lamang.

Makikita natin sa ating kwento ngayon ay tatlong tao na sila ay lumalapit sa araw araw sa presensya ng Diyos.

**LESSON PROPER:**

Si Eli na siyang pinuno sa lahat ng paghahandog sa Diyos noon ay may dalawang anak na mali ang kanilang ginagawa sa presensya ng Panginoon. May isa pang kasama si Eli na ang pangalan ay Samuel na mabuti ang puso sa presensya ng Diyos kaya natutuwa ang Panginoon sa kaniya. Ang dalawa na mga anak ni Eli ay hindi pa rin nakikinig kahit pinagalitan na sila. Mabuti pa si Samuel na marunong makinig at sumunod.

<u>1 Samuel 2:25-26</u>
Ang dalawang anak ni Eli ay hindi nakikinig sa kaniya kaya naman paparusaha sila ng Diyos. Si Samuel nama'y patuloy na lumaking kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.

<u>1 Samuel 3:10,13 MBBTAG12</u>
Dahil natuwa ang Diyos kay Samuel, nangusap Siya sa kaniya. Nang maunawaan ni Samuel na tinig ng Diyos ang tumatawag sa kaniya ay sumagot siya, “Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod.” At sinabi nga ng Panginoon na paparusahan niya ang mga anak ni Eli sa kanilang mga kasamaan sa Kaniyang harapan.

**LIFE APPLICATION:**

Nais ng Diyos na lumapit tayo sa Kaniya pero tandaan din natin na tayo’y haharap sa Diyos na banal, malinis, at perpekto. Lahat tayo ay makasalanan ngunit kung tayo’y magsisisi at tatangap kay Kristo Hesus, babaguhin Niya tayo upang maging tama na ang paglapit natin sa Kaniyang presensya. Babalaan o papagalitan tayo kung magkamali tayo kaya dapat tayong makinig at

sumunod agad pero kung sa kabila ng mga babala ay hindi tayo makikinig, tayo ay maaaring maparusahan.

Kaya dapat na matandaan natin na ang ating pagdalo sa gawain ng Diyos ay dapat matuto tayong makinig at sumunod. Mas makikilala natin Siya at mas lalo Siyang matutuwa sa atin kung tama ang ating puso sa Kaniyang harapan.